

Step 1

Understand That There Will Never Be “Good Timing”

It was a rainy late afternoon in Nara, in a quaint, rustic ryokan or Japanese inn situated just outside of the city center. Nasa isang malawak na property iyon may tatlumpung metro pataas mula sa main road, at ang daanan papasok ay napapagitnaan ng matataas na puno. Ang bawat kuwarto na tradisyunal ang disenyo ay may maliit na balcony o bay window, at may view ng hardin o di kaya ay ng kalapit na park at temple.

Their room had pretty much a little bit of everything—a part of the pretty garden, a little of the nearby park, and what looked like a secret passage to a temple. Beyond the fog, Nikita could see the mountains, more greens, and the rain clouds headed their way. She hated it.

Kalagitnaan ng Setyembre at panahon pa rin daw ng mga bagyo sa Japan kahit kasabay iyon ng pagtatapos ng summer. Ikalawang araw nila iyon sa Nara. Kahit kaya iyong libutin ng first-time tourist sa loob ng isang araw, napagdesisyunan nilang manatili muna hanggang sa tuluyang matapos ang bagyo na mahina lang naman.

Dalawang linggo na silang halos puro lakad. Quaint, beautiful Nara had been like their breather, their little retreat before heading back to an almost frantic travelling pace. Nik also thought she could clear her head here, really think about what she had been planning to do since she met him.

Him being her unplanned travel buddy for thirteen days now. Tahimik sa kuwarta nila pero dama niyang kanina pa pinapanood ni Camden ang bawat galaw niya. Sa nakalipas na mga linggo ay halos wala silang hinto—mag-uusap habang naglalakad, nasa subway o train, namamasyal, kumakain, namimili ng souvenir. Eventually, when they found time to slow down, it was mostly kissing instead of having some quiet time for themselves; making love instead of just sleeping.

No. Napailing si Nik. Not making love, just sex. *F*cking*. And those need to stop. Dapat nga two weeks ago pa nila iyon inihinto.

Actually, dapat nga ay hindi siya pumayag na sumama ito sa kanya at sumabit sa itinerary niya. Camden could very well afford to continue with the rest of his month-long Japan vacation in style, instead of tagging along with her whimsical, impulsive backpacking plans. Dalawang linggo na rin niyang pinaplano kung paano ito iiwasan, lalayuan, iiwan

nang walang paalam.

“I don’t like it when you’re too quiet,” mahinang sabi nito nang lumapit sa kanya at sumandal sa desk sa ilalim ng isang bahagi ng bintana kung saan siya kanina pa nakapuwesto.

Camden had been busy tidying up their stuff before taking his turn in the bathroom. She was glad he didn’t insist on sharing the shower with her earlier because God knows she would say yes. Because she knows exactly how amazing he was when they were under cold water and he was kissing and touching her while she had him pressed against the tiles and...

Napabuga si Nik ng hangin. Paano siya makakaisip ng tamang paraan para unti-unting layuan ang binata kung palaging ganito siya kadaling bumigay?

And yet, it was quite a feat how she had always been the one to take control since they started being that intimate. *No, not intimate.* Since they started *f*cking*.

Camden Montana, all six feet of exquisite male goodness, who had been enjoying power and influence and popularity for several months—had been submitting to her willingly and eagerly since they met. She loved the power she had over him. He was like a

devoted pet.

Kinagat ng dalaga ang dila para pigilan ang ngiti sa naisip, pero alam niyang nauna na ang pagtaas ng isang sulok ng kanyang labi at nakita na iyon ng binata.

“But I like it when you’re trying not to smile but it’s too late because you already did,” bulong nito sabay paikot ng braso sa kanyang baywang. Mahinang napasinghap si Nik nang humaplos ang kamay nito sa kanyang baywang, sa tiyan, bago nito iniangat ang manipis niyang t-shirt.

Her breathing became ragged when a finger slowly traced circles around her navel, as he kissed her hair, her ear, then, her neck. “You taste like rain,” sambit nito habang mahinang kinakagat ang balat niya, ang mga kamay ay kumakapa; isa sa itaas, isa sa ibaba. He pressed his need to her back.

Ang dali-daling bumigay, gusto na ni Nik na kahit isang beses ay hayaan si Camden sa lahat ng gusto nitong gawin. Pero alam niyang hindi pa rin tama kahit ang isang beses lang.

“Have you ever tried it with an open window?” he murmured against her jaw, his raspy voice hopeful and teasing.

Something tickled at the pit of her stomach and

she swear she wanted to say, 'Not yet, show me,' but she remained quiet, yet responsive as she held his hands, guided them to where she needed him most. One cupped her left breast, the other slid into the waistband of her shorts, into her undies, down into her tight, wet heat.

He groaned as if he was suffering, then, growled as she swiveled her hips, deliberately rolling her ass against his erection. The soft, nibbling kisses now came with teeth and tongue as marks were left on her skin and she urged him on with her "Yes, yes, yes..."

"Nik," he panted as he spoke right on the corner of her lips, his hands still cupping her sensitive mounds of heated flesh. "Right here?" Marahang hinila nito pataas pa ang kanyang kamiseta, medyo nag-aalinlangan. Sa loob ng dalawang linggo, nasanay na yata si Camden na humihingi muna ng permiso bago gawin ang kahit ano.

Oh, the irony. Formidable, no-nonsense Camden who thought he got it all figured out, is now dancing in her palm...

"God, Nik, I c-can't..." Marahas na ang paghinga nito, parang hirap na hirap na. Siguro halos itim na ang mga mata nito, sa halip na grey-green, dala ng matinding pagkasabik at arousal.

Who knew you could be this easy, Camden?

Hinawakan niya ang mga kamay ng lalaki at inilayo sa kanyang katawan bago ito hinarap. Tama siya, parang nato-torture na nga ito pero pinipili pa ring maghintay kung ano ang gusto niyang gawin.

“Take these off,” turo niya sa suot nito bago kinagat ang pang-ibabang labi.

Napaungol ito, bago sumunod, hindi inaalis ang mga mata sa kanya habang naghuhubad, na sinabayan niya habang hindi rin bumibitaw ng tingin.

Parang lalong nahirapan si Camden pero sinalubong lang ang tingin niya. She wanted to laugh out loud when he stood before her completely naked while she still had her undies on.

Hmm, yum. Tinanguan niya ito. “Now, f*ck me on the desk.”

His eyes widened for a split-second, then, narrowed as he took her by the waist and carried her to sit on top of the desk, where he pinned her with a devouring kiss.

Mamaya na uli siya mag-iisip kung paano iiwan si Camden.

Step 2

Never Forget Who He Is

Two weeks ago....

Usually, walang pakialam si Nikita sa anumang opinyon ng iba tungkol sa kanya. She knew not everyone would be into the sane stuff she liked, enjoyed and chose to share with people who follow her work. At nirerespeto niya iyon. She had always had.

Sabihin na ng kung sino ang gusto ng mga ito, tawagin siya ng hindi kanais-nais na pangalan o murahin, okay lang. Those won't kill her. Those would not even break her spirit—well, maybe a bit. Really, she was fine.

Huwag lang talagang idadamay ng mga taong iyon ang pamilya at mga kaibigan niya sa kung anumang issue ng mga ito laban sa kanya. Kapag sinabing *kaibigan*, kasama na roon ang tig-isang milyong followers at subscribers sa *Instagram* account at *YouTube* channel niya, at tig-dalawang milyong followers naman sa *Facebook* at *Twitter*. These people matter to her more than most knew, and she would

probably go to war for any of them if she needed to.

Nagsimula ang lahat at ‘nakilala’ niya si Camden dahil sa screenshot ng isang usapan sa *Facebook* page ng isang kilalang news reporter na maraming fans dahil guwapo at magaling daw. That person was Jack Alonzo, affiliated with one of the most influential media companies in the country. Nakilala niya ito sa isang event six years ago, at sinubukan nitong i-pick up siya. The man was a player who thought every woman wanted to bed him. She said no and walked away.

When she started gaining popularity in social media, he probably remembered her face and had been at her case since then.

Sa loob ng nakalipas na halos isang taon ay mas nagiging vocal siya sa mga current issues at usapang politika, na ikinagulat pero ikinatuwa ng followers niya dahil hindi lang daw pala puro fashion at makeup ang alam ni Nikita. Mabuti na lang, hindi ang tunay at buong pangalan ang gamit ni Nik sa mga social media na gamit niya, at hindi rin bastang makakakuha ng mas personal na impormasyon tungkol sa kanya kaya kahit papaano ay hindi nadadamay ang kanyang pamilya.

The likes of Jack Alonzo—who had always been

a certified asshole and had recently been losing his much valued fame and influence—was not happy. And so they tagged her on posts just to mock her. Wala siyang paki... hanggang sa i-tag nito ang isang kaibigan na ang pangalan ay Camden Montana, at idinamay pa sa post ang kanyang mga followers.

Tinawag silang ‘useless, walang alam, walang silbi, at mga walang plano sa buhay’ na kahit hindi direktang sinang-ayunan ay kinunsinti pa ng Camden na iyon at nakisali pa sa panglalait sa kanila.

That was how Camden Montana became really popular. He was already quite well-known because he was from a family of ship-building magnates, who chose to be in the academe instead. Graduate school professor ito at economic consultant sa isang international finance institution. Madalas ding naiimbitahang magsalita tungkol sa isyung may kinalaman sa business at economics sa mga conference at maging sa telebisyon.

From what she saw then from pictures and videos, it was obvious he was quite good-looking. Maganda pa ang boses, ang ngiti at ang porma nito. Matalino rin at may sense kahit madalas ay hindi siya sumasang-ayon dito. For the past several months, Camden and his friends seemed to have taken to

trolling the comments section of her *YouTube* and *Facebook* videos, too. Ang lalong ikinainis ni Nik, tila normal lang din dito na laitin pati followers niya.

Hindi maintindihan ng dalaga kung bakit ganoon na lang ang galit ng mga taong iyon sa kanya at namemersonal na, gayong hindi niya kilala ang mga ito. Ang stress din sa mga taong iyon ang dahilan kung bakit sa halip na isa o dalawang linggo lang ay naging isang buwan ang bakasyon niya sa Japan.

It was her fourth day in Tokyo, and she planned to stay for a couple more days before she would go on a backpacking tour that would take her to at least seven more towns and cities.

Hindi alam ng kanyang followers kung saan ang bakasyon niya. Sinabi lang niyang magiging busy siya at bihira munang magpo-post. Nag-record na rin siya ng ilang videos na ipa-publish sa mga site niya para hindi siya hanapin ng mga ito.

Lie low din muna si Nikita sa political commentary kahit medyo gigil na siya sa ilang issue na naririnig. She needed this break and wanted to make the most of it. Mag-isa rin siya at wala ang makukulit na kapamilyang kasama kaya inaasahan niyang sa pagtatapos ng isang buwan ay recharged, refreshed, at mas alam na niya ang gagawin sa mga taong pilit

gumugulo sa kanyang buhay.

Kaya hindi inaasahan, wala talaga sa schedule at lalong hindi na-imagine man lang ni Nikita kung sino ang lalapit sa kanya sa observation deck ng *Tokyo Tower*.

Dala niya ang DSLR camera at abala sa pagkuha ng pictures ng mga nakikita—mga kalapit na nagtataasang building, ang traffic sa ibaba, pati na ang *Mount Fuji* na hindi natatakpan ng fog. Parang nararamdaman niyang may nagmamasid sa kanya pero binalewala niya iyon, tiyak na paranoid lang siya.

She had been here for four days now and she had smiled at or made small talk with Filipinos she encountered in all those requisite tourist places she had been to—Akihabara, Harajuku, Shibuya, Omotesando, and earlier at Ginza and Shinjuku garden. Baka may nakatingin lang na nakausap na niya at gusto siyang batiin, o kaya isang Pinoy na nag-aalangan pang lapitan siya at iniisip pa kung kababayan ba siya nito.

Hindi mestiza si Nikita. May kaunting Chinese at Spanish blood sa parehong side ng mga magulang niya, pero minsan kapag nasa ibang bansa ay hindi agad siya nai-identify bilang Filipino. Kadalasan

tuloy, siya ang unang bumabati na okay lang naman sa kanya.

Tinapos muna ng dalaga ang pag-picture sa *Mori Tower* at *Roppongi Hills* bago bumaling at hanapin ang kung sinumang nakatingin sa kanya. Nang gawin niya iyon, pakiramdam ni Nik ay nagdilim ang paningin niya sandali. *What the...?*

Joke ba ito? Panaginip? Ganun ba katindi ang inis niya sa lalaking iyon at nagdilim talaga ang paningin niya? Para siyang matutumba. Napahinga siya nang malalim at humigpit ang hawak sa camera. *Shit. I'm probably just seeing things...*

"K-konnichiwa..."

The supposedly lively, friendly greeting sounded nervous. Uncertain. Even with that unmistakable sexy baritone that used to sound so self-assured during interviews and lectures.

"Konnichiwa," ulit nito.

Napakurap si Nik. Seryoso? Kinakausap siya ni Camden? Yes, it's *the* Camden Montana right in front of her, in the newly renovated second level observation deck of the *Tokyo Tower*, on this beautiful early autumn afternoon. Luminaw na uli ang tingin niya at mahinang napasinghap, dahil hindi siya gutom

o nananaginip. Hindi siya maaaring magkamali.

His photos and videos did not do him much justice. Hindi siya madaling ma-impress sa guwapo, pero iba ang isang ito. Standout si Camden, hindi puwedeng hindi tingnan nang ilang segundo lang. One simply would just take him in like delicious hot ramen.

God, I'm probably hungry. Pero kumain si Nikita lampas isang oras pa lang habang papunta sa lugar na ito!

"Konnichiwa," mahinang ganti niya, alanganin pero hindi kasing-kabado ng lalaki.

Camden stepped closer. Parang unti-unti na itong nabubuhayan ng loob. "Hi, I mean, *Konnichiwa*, uh..." Tumingin ito sa hawak na cellphone bago bumaling sa kanya. *"Ogenki desu ka?"*

Umangat ang isa niyang kilay. Hindi ba talaga siya nakikilala ng lalaking ito at inakalang hindi siya Filipino, at kinukumusta pa in Nihongo? *"Hai, genki desu."* Thanks to her erstwhile anime addiction, her pronunciation and diction was on point.

Ilang segundong nakatitig sa kanya si Camden bago muling kinonsulta ang marahil ay Nihongo app sa cellphone nito.

“Hajimemashite.” Iniabot nito ang kanang kamay. *I’m pleased to meet you.*

“Douzo Yoroshiku,” sagot niya. *Really, Nik? Pleased to meet him, too?* a voice inside her taunted.

She bit her tongue as she took his hand. Medyo malamig iyon, bahagyang nanginginig, pero ewan kung bakit ang sarap hawakan. Binitawan niya iyon agad.

“Onamae wa nan desu ka?” tanong nito sa pangalan niya.

Oh, my God! Hindi ba talaga nito siya nakilala? Iba ba talaga ang hitsura niya kapag walang wig, contact lenses, contouring makeup o costume? She did not even use filters on her photos and videos!

“Watashi wa... Camden,” patuloy ng ‘hater’ at ‘troll’ niya.

Shit, natatawa na ’ko, ano ba! Pinanatili niyang neutral ang mukha. *“Nikita,”* simpleng sagot niya.

Parang mas na-relax si Camden nang marinig iyon. *“Nikita. That’s a really cool name!”* he exclaimed, then winced. *“Uh, s-sorry, I mean... Gomen nasai. Um, do you...”* Tumingin uli ito sa cellphone. *“Eigo wo hanashimasu ka?”* He was asking if she speaks English. *“Because, um... er, Nihongo wo hanashimasen.”* Dahil

hindi ito marunong mag-Japanese.

Obviously! Kaunti na lang, maaawa na siya rito. Why was she still here anyway? Bakit hindi pa siya magpaalam? Ini-enjoy ba talaga niya ang paghihirap ng lalaki ngayon?

Malayo ito sa Camden na kumpiyansa, may angas at parang hindi kinakabahan. At this point, he looked confused, lost but still determined. It was kind of admirable, actually.

“*Wakarimasu ka?*” He was asking if she understood. May iba ba itong tanong? What?

“*Hai, wakarimasu,*” naisagot niya, bago napabuntong-hininga. Pinagmasdan niya si Camden na nakikiusap na ang tingin.

“I... I don’t speak Japanese,” helpless nang amin nito sa mahinang boses.

Napailing si Nikita. “Then don’t, because I’m not Japanese,” saad niya bago inilagay ang camera sa case at nilampasan na ang lalaki. Sa peripherals ay nakita niya ang panlalaki ng mga mata nito.

Bahagyang nanginginig ang kanyang kamay nang isara ang zipper ng bag. Hindi niya maintindihan kung bakit bumibilis din ang tibok ng kanyang puso.

Bibilisan sana niya ang lakad pero narinig niya ang paghabol at pagtawag ni Camden.

“Nikita! Nikita, I’m sorry... Wait!”

Bakit ito nagso-sorry? Huminto siya, tumabi ang lalaki sa kanya.

“Nikita, will you have dinner with me?”

Step 3

Remember Who You Are

Nik never liked staring. It was rude. It could make people uncomfortable. Ayaw rin niyang ginagawa iyon sa kanya ng iba pero heto siya ngayon at nakatitig kay Camden—gulat, hindi makapaniwala at mabilis na iniisip kung ano ang plano nito. Hindi pa rin siya kumbinsido na hindi siya nito nakilala.

Dito sa Japan, halos hindi siya nagme-makeup. Kadalasan ay kilay, mascara o eyeliner at lip tint lang. Kaunting loose powder kapag kailangan. Wala iyong usual elaborate na eyeshadow o contouring na ginagawa niya para mas mabigyan ng anggulo ang medyo bilugan niyang mukha. Maikli at itim na itim din ang buhok ni Nikita na mga daliri lang ang ipinangsusuklay niya. Sobrang simple din ang mga damit niya at medyo bumawi lang sa makulay na handpainted sneakers at reversible hoodie na may cat or bunny ears.

Pero naniniwala pa rin siyang kapag pinagmasdan ay makikita ng kahit sino ang pagkakamukha nila ng online alter ego niya: ang cosplayer at makeup guru na si *Kitty Ellie*, na source din ng hugot monologues

at Science trivia habang nagtuturong mag-makeup o gumawa ng costume. Recently, nagpapaliwanag na rin siya ng current events sa paraang madaling maiintindihan ng followers niya, para well-informed naman ang mga ito at hindi puro kaartehan ang nakukuha sa kanya.

“Nikita? Are you okay? I know I might be creeping you out but...” Napakamot sa batok si Camden, parang nahihiya. Kung artista ito, baka nanalo na ng award. Why, he had managed to look adorable instead of irritating!

“I saw you earlier at the *Zojoji Shrine Gardens*,” patuloy nito na ang tinutukoy ay ang templo malapit sa tower. Isa rin iyon sa nadadaan kung galing sa Hamamatsucho Station na kalapit lang ng tinutuluyan niyang flat na nirentahan niya nang isang linggo. “You know, by those cute dolls... statues?” dugtong ni Camden.

“Jizo statues. There are hundreds and hundreds of them.” Bumuntong-hininga si Nikita. “Alam mo ba kung para saan ang mga ’yon?”

Nanlaki ulit ang mga mata nito. “Filipino ka?”

She snorted, then jerked her chin. “Yes, may problema ba?”

Umiling ang kaharap. “Siyempre, wala. Um, para saan ’yung mga statue na ’yon?”

“They were placed there by parents to represent their unborn babies. Si Jizo ’yung guardian ng mga batang namatay bago ipanganak, supposed to guide them into the afterlife. Beautiful and sad, ’no?”

Teka lang, bakit kinakausap pa rin niya ang pesteng ito sa halip na sapakin na lang, o tadyakan, o kaya itulak sa labas ng deck? It would be fun to see his black soul fall into pieces, two-hundred fifty meters down.

“Anyway, aalis na ’ko, ha. ’Bye.” Tatalikod na sana siya ulit pero muling humabol si Camden.

“Nikita, please,” pakiusap nito. “Let’s have dinner? M-may kasama ka ba?”

Umiling siya. “Hindi ko maintindihan. Why would you want to have dinner with me?”

Parang nalito ito at nagtaka. “Why not? I mean, parehong mag-isa lang tayo. We’re both Filipinos. Um, ewan ko pero ngayon, I... I’m just the kind who likes to act on my instincts and I kind of felt earlier that I wanted to know you, and know you more?”

Natawa ang babae. “You’re picking me up, then?

You want to have sex later?”

Napanganga ang kaharap. “What? No!”

“Really?” Pinababa pa ni Nikita ang natural nang mababang boses, bago ito mapanuksong pinasadahan ng tingin mula ulo hanggang paa pabalik. His stance at the moment was a bit unsure and awkward, but given his built, he was still quite sexy.

And she had probably gone crazy. Even if it was just a joke and to try to throw him off, why was she checking him out?

“Ah, I... I mean, please don't feel insulted. You're really beautiful and hot... Shit.” Napabuga ito ng hangin. “It's just that I was fascinated by how you look at things, how you observe. Nakita ko, pati caterpillar at squirrel kinukunan mo ng picture kanina, pati 'yung gate ng temple, 'yung mga statue, mga puno sa kalye papunta dito. I could just continue walking so I can get here faster but I enjoyed watching you. Akala ko nga, namamasyal ka lang talaga at naghahanap ng subjects para kunan. When I saw you're going here as well, I thought it's a sign...”

“A sign?” Permanente na yata ang pagtaas ng isang kilay ni Nikita. Si Camden ba talaga ito? Kakambal? Doppelganger? Was she experiencing

some sort of *Mandela Effect* that she might have an alternate version of what he really was? Hindi talaga ito pasaway at bastos na troll kundi isang cute at nakakaaliw na nilalang?

“A sign that I should go for it and take the opportunity to approach you,” sagot ng lalaki, hindi inaalis ang tingin sa mukha niya.

Sige, tingnan mo pa ’ko para maalala mo at nang matauhan ka! Sinalubong lang niya ang tingin nito.

A corner of his luscious lips turned up. “I really like you, you know,” he wistfully said.

“Seryoso ka? Ang weird mo.” Lumapit uli siya sa railings ng viewing deck at muling inilabas ang camera sa bag. Sunset na nga pala. She had been taking pictures of the sunset amidst the Tokyo skyline from different angles since she got here. Muntik pang masira ng lalaking ito ang diskarte niya.

Matapos ang ilang shots ay ang cellphone naman ang inilabas ni Nikita at kumuha ng maikling video habang mahinang nagsalita: “This is the sunset from the *Tokyo Tower*, can you see Mount Fuji? Yes, that’s the one in the middle, behind that metal blue building...” Sandaling idinetalye niya kung ano ang nahahagip ng video bago iyon tinapos. She saved it

and sent to her cloud account before she put it back in her bag.

Binalingan niya si Camden na manghang nakatitig sa kanya. Hawak din nito ang cellphone at mukhang kumuha rin ng pictures. “That was nice.”

She sighed. “Yes, kahit sa sobrang abala at modernong lugar gaya nito, ang ganda pa rin ng sunset.”

Tumango ang binata. “Yes, but I wasn’t just talking about the sunset. It was more about what you did, describing what you’re seeing. Ganyan ba talaga ginagawa mo pag nagta-travel?”

Medyo kinabahan si Niktra pero agad kinalma ang sarili. Hindi naman siya natatakot makaharap o makilala ng lalaking ito, di ba? “Para sa ibang kaibigan ko na hindi pa afford pumunta sa mga lugar na pinupuntahan ko. Para kapag tiningnan nila’yung videos, parang nakarating na rin sila kahit paano.”

“Are you a travel blogger?” Fascinated pa din ang itsura ni Camden at iniisip niya kung hanggang kailan ito magpapanggap hanggang lumabas ang tunay na intensyon. He would most likely make fun of her then, mock her photography skills, insult her looks without makeup and fashion sense, and somehow

relate it to her convictions to try and question her credibility yet again.

Ganoon lagi ang ginagawa ng mga gaya nitong kapag nasasaling ang ego dahil mas may punto siya ay ang pagkatao niya ang inaatake. *Ad hominem*, as they called it.

“Hindi ako travel blogger. I just like sharing what I know and experience, in hopes of somehow helping and educating others,” tugon ni Nik, derecho ang tingin sa lalaking inaasahan niyang maaalis din niya ang maskara sa lalong madaling panahon.

Hindi niya aawayin ang lalaki kung sakali, lalayanan lang niya. Walang point para makipag-argumento pa sa mga taong mas pinaniniwalaan ang assumptions ng mga ito kaysa kilalanin siya.

“What do you do, then?” curious pang tanong ni Camden.

“Content creator and developer for some media sites. Freelancer ako,” she vaguely said. “Tumutulong din ako sa negosyo ng pamilya ko. Maliit na tindahan lang ng kung anu-ano,” dagdag ni Nik para tumigil lang ito.

Hindi naman siya nagsinungaling, hindi lang niya idinetalye na social media content creator siya at

ang family business ay ang matagumpay na supplier ng mga trusted Asian health and beauty brands at sarili nilang line ng organic personal care products.

“And you? What do you do, Camden?” *Aside from trolling those who don’t share your views.* Mataman niya itong tiningnan.

Napakurap ito nang ilang beses na parang nag-alangan. “I teach. Um, sa graduate school. I’m also with *APDF*,” tukoy nito sa international finance institution na *Asia Pacific Development Fund*.

Marahang tumango si Nikita. “Interesting.” She was actually impressed but she won’t tell him that.

Camden smiled hopefully. “So, dinner? With me?”

Tiningnan muna niya ang lalaki nang ilang segundo. Mukhang hindi siya nito tatantanan. Anyway, they were in a foreign country, she probably could use the company. May silbi naman siguro kahit papaano na kilalanin niya si Camden, kahit saglit lang. Maybe in the process she could try and tell him off, call him out on his irresponsible online activities.

Papayag si Nik sa dinner na ito with the assumption na nagpapanggap lang ang lalaki at maaaring may bigla itong gawin o sabihin, kaya mag-

iingat siya.

And she would definitely play whatever the hell his game was. “Okay, sure. Pero sa mura lang ha. Nagtitipid ako.”

She could very well afford to splurge, pero kahit personal na bakasyon ito ay gusto pa rin niyang sumubok na magtipid at maibahagi iyon sa followers niya.

Nagliwanag lalo ang mukha ni Camden. Gutom na yata siya dahil mukha itong anghel. “Great! Okay lang gumastos, treat ko naman. I heard about this *Michelin*-starred place—”

“No.” Umiling ang babae. “I saw their food court here,” tukoy niya sa tower, “and I wanted to try their pizza. Kanina pa ’ko nagke-crave. Kung ayaw mo, bahala ka. But here is where I want to have dinner.”

A restaurant with Michelin star rating? Hah. Nasubukan na iyon ni Nikita noong isang araw. Masarap at satisfying, pero hindi talaga siya fan ng opulence.

“Okay, sige dito na lang. Hindi ko pa rin nata-try ang Japanese pizza at iniisip ko kung parang *ekonomiyaki* din ba iyon.” He was referring to some crepe made of tempura batter and savory seafood

and vegetable toppings. “Let’s go?” Kumikinang ang mga mata nito.

Nagdududa pa rin siya kay Camden, pero naaliw siya sa excitement nito. “Alright,” sagot ni Nik at nauna nang maglakad, habang iniisip kung paanong nangyari na excited din siya ngayon.

Step 4

Forget How You Feel When He Smiles

He's really here. I'm really about to have dinner with this asshole.

Okay. Camden Montana ang pangalan nito, pero mas bagay ang 'asshole' dahil iyon talaga ang lalaki. Palabas lang itong ginagawa nito ngayon at magaling lang na artista.

He's kind of sweet and adorable and I'm not going to fall for it. I won't even let him have his way, ever. Kahit sa simpleng pagbabayad lang ng kinain, hindi niya hahayaang magkaroon ng utang na loob dito. Kung gusto siyang makasama ni Camden, it would be on her terms.

"Wow! Eight minutes nga! Ang bilis!" He rubbed his palms together when a server placed their pizza on the table. Good for two or three iyon na nasa isang bilog na parang chopping board na kahoy. Thin crust at medyo umuusok pa ang grilled chicken teriyaki with mayo pizza nila, na mayroon ding corn, mushrooms at nori flakes.

"We're in Japan. Everything's on time." Binuksan

niya ang bag ng nori-flavored potato chips na binili niya sa vending machine at itinusok ang straw sa winter melon juice niya.

Camden looked at her curiously. “Madalas ka ba dito? You seem comfortable here. You even speak the language.”

“Dati na ’kong fixated sa Japanese culture. Nagsimula ’yon n’ung makapanood ako ng animated films ng *Studio Ghibli* ni Hayao Miyazaki. Then, I became a fan of Utada Hikaru and I guess I just couldn’t stop knowing and learning more about the culture. For the past decade, I’ve been here at least five times. Pinag-iipunan ko talaga. Usually, one or two weeks,” tuluy-tuloy na sabi ni Nikita habang pinapaypayan ang pizza. Inialok niya rito ang bag ng potato chips. “Kain ka.”

Camden took a few pieces and stuffed everything in his mouth. Nakagat ng dalaga ang dila para pigilan ang tawa. Hindi siya dapat maaliw rito nang sobra. Pero paano niya pipigilan ang reaksiyon ng katawan sa mga tingin nito sa kanya? Halos hindi na ito tumingin sa kahit ano simula kaninang magkakilala sila.

“This is my fourth day here. Fourth time ko na rin dito pero ’yung mga naunang punta ko puro work-related at puno ang schedule. Usually, three to five

days 'yun at sa hapon o gabi lang ako nakakapasyal. I've only been to the touristy neighborhoods. You know, Akihabara, Harajuku, Ginza, Shibuya. *Ueno Park*, *Shinjuku* gardens. The fish market. I haven't been to the towers and the temples kaya 'yun ang nililibot ko since I got here. Pretty awesome to see Tokyo from different angles."

Pinagmasdan ni Nikita ang kaharap na naglagay ng slice ng pizza sa plato niya. "At mag-isa ka lang ngayon?" nanghuhuling tanong niya. She was still convinced that this man might be bugged and recording their conversation. Hindi naman sa feeling sikat siya o simpleng *feeling* lang, pero ang hirap paniwalaan na hindi siya nito nakilala.

"Yeah, at one month ako dito. Backpacking lang. Halos instant din pati pagkuha ko ng accommodation. Right before or on the day I'm supposed to be on a certain place. Wala nga akong tiyak na itinerary, although plano kong puntahan ang big three—Tokyo, Kyoto and Osaka. Then, some historical day trips. *Mount Fuji* sana."

Tumango ang babae habang ngumunguya. "Plano ko ding mag-*Mount Fuji* sa Thursday. As in akyat ha, hindi 'yung tititigan ko lang at magse-selfie."

Camden looked surprised, and impressed.

“Whoa, galing! I haven’t hiked in ages...”

“So, selfie lang talaga ang *Mount Fuji* plans mo?”

He winced. “Wala kasi ako gaanong workout lately dahil toxic sa trabaho.”

Toxic? Kaya pala busy ka pa rin sa pagto-troll sa mga post ko! “Ano’ng workout mo? Aba, kung marami kang oras dito ngayon, akyatin mo na. Climbing season pa ngayon. Kung sanay ka naman sa lakaran at nakaakyat ka na dati, kaya mo na ’yan!”

Camden thought about it for a few minutes. Then, “Puwede akong sumama sa ’yo?” he asked.

She smirked. “Not necessarily. I’m climbing with a group of other tourists. Sa Thursday ko pa lang din sila mami-meet.”

Lumamlam ang hitsura nito. “I... I was thinking I’d... you know, see you again?”

“Hindi pa tayo naghihiwalay, ‘see you again’ agad?” Nagsalubong ang kanyang mga kilay.

He smiled sheepishly. Parang gusto ni Nikita na magwala at burahin ang ngiting iyon. He looked too freaking adorable it was disgusting. She’s not supposed to be disarmed.

“Ewan ko, Nikita. Hindi lang kita basta mapakawalan. I just want to know more about you.” Kumagat ito nang malaki sa pizza. “Ay weywee *feeh wish wey*.” He gulped down his tall cup of some purplish drink. “I rarely feel this way... I haven’t in ages...” His voice trailed off. Parang may naalala ito kaya medyo nalungkot.

Whatever, this was all too good to be true. Kung anuman ang trip ng lalaking ito ay malalaman din niya. He wanted to see her again? Fine! Tingnan lang ni Nik kung makatatagal ito. Planado na ang Itinerary niyang puno ng activities at tiis-tipid moments. May plano pa siyang pumuslit at mag-ghost hunt sa ilang abandonadong lugar nang madaling araw. Duda siyang tatagal ang ungas na ito.

“So?” untag ni Camden.

Umangat ang isang kilay ng dalaga. “So what? May tanong ka ba?”

Nag-drum ito sa mesa. “We’ll still see each other, right?”

“Why should we? Ayaw mo bang i-explore itong Japan nang mag-isa?” Kumuha uli siya ng slice ng pizza.

“Parang mas okay kung may kasama.”

Natawa si Nikita. “Kung ibang tao siguro, baka nga mas okay, Camden. But it’s me. You just met me an hour ago. Weird ako. Magulo. Bossy. Impulsive kung minsan. Moody,” pagdi-discourage niya rito.

Dumerecho ng upo ang lalaki pero hindi inaalangin ang tingin sa kanya. Inalug-alug nito ang cup ng inumin. “I’m fascinated by weirdness. I can adjust to chaos. I’m a good follower. I like taking risks. I’m also quite patient.”

Nik just stared at him for several long seconds. Ano ang kailangan sa kanya ni Camden? Where was this persistence coming from? Where was the entitled, self-righteous, sometimes willfully ignorant, biased sexist jerk who got into her nerves over the past months?

May kung anong gayuma o magic ba sa hardin ng Zojoji Temple kaninang nagkasabay sila roon ni Camden?

But he was serious and as much as she hated to admit it, he looked sincere enough. Skeptic pa rin siya, pero hindi na one hundred percent ang paniniwala niyang umaarte lang ang binata.

Pero ayaw pa rin niyang maniwala na hindi alam ni Camden kung sino siya. Pagbibigyan ito ni Nik

pero sisiguruhin niyang siya lagi ang masusunod. Kailangang kontrolado niya ang sitwasyon dahil charming ang buwisit at may tendency na ma-mesmerize siya sa ngiti at ma-conscious sa tingin nito.

“Okay,” simpleng sagot ng dalaga bago inubos ang inumin. Iminuwestra niya kay Camden na ubusin nito ang pizza. It was good but too heavy for dinner.

“Okay what?” litong tanong nito.

“Okay, we’ll see each other again. Tag along with me if you want.” Sarcastic siya, pero kinagat ng kaharap ang ‘imbitasyon’ niya. Parang tumama sa lotto ang hitsura nito.

“Yes!” He raised his fist in the air, then, leaned closer. “Saan tayo pupunta bukas?”

Step 5

Don't Make Him Think He Has A Chance

“Nik, I give up. Saan tayo pupunta? Ano’ng train? My translator app isn’t helping.”

Iyon ang day one nila bilang travel buddies at kasalukuyan silang nasa Japan Rail Station Yamanote Line.

“So, tour guide pala ang papel ko ngayon, Camden? Paano mo kinaya these past few days if you’re this helpless?” Naniningkit ang mga mata at nakapamaywang siya habang nakatingala sa lalaki na sampung minuto nang pilit iniintindi ang train system na nasa isang malaking interactive wall map sa harap nila. He was trying, really. She saw how he wanted to help.

And she knew exactly where to go and what to do, she was only testing him. Hinihintay niyang bumigay ito at tigilan na ang pagpapanggap kung iyon man ang ginagawa nito simula kahapon. But he just looked at her like a lost child.

Nang makita niya ito sa tabi ng isang vending machine sa train station na iyon kung saan nagkasundo

silang magkita fifteen minutes ago ay para itong batang excited sa unang field trip. Magulo pa ang medyo basa nitong buhok at amoy-bagong ligo. His shirt and jeans clung to every hard plane of his lean frame that looked strong even if he stood there awkwardly, sheepishly smiling at her.

Magulo rin kasi ang kanyang buhok dahil mahangin sa labas kahit seven-thirty pa lang ng umaga.

“Para tayong mga Super Saiyan,” nakangising sabi nito.

“O, may alam ka naman pala sa anime kahit paano.” Lumapit si Nikita sa vending machine at ini-scan ang cash card para sa isang bote ng Gatorade.

“Yung kapatid ko, fan ng Dragon Ball Z at Detective Conan. Minsan, nakikipanood ako. She’s an adult now and has her own business but still watches anime.” Napailing ito.

“Wala namang pinipiling edad ang pagkahilig sa gan’un. I still watch them, too. Binabasa ko pati manga.” Matamang pinagmasdan niya ang lalaki. Naghihintay kung magkokomento rin si Camden tungkol sa mga comic conventions at cosplay, pero hindi iyon nangyari dahil mas interesado ito kung saan sila pupunta.

Dinala niya ito sa wall map at pinaghanap kung saang line sila sasakay at saang istasyon bababa papunta sa Asakusa district.

That was what he had been trying to figure out and he just declared he's giving up.

“Hindi naman sa gan'un. Gusto lang talaga kitang makasama. Nagkataon lang na mas marami kang alam sa akin.” He flashed a peace sign. “Ako'ng bahala sa gastos at susunod lang ako sa lahat ng gusto mo, promise.”

Umangat lalo ang isa niyang kilay. “Ows? Mas marami akong alam at aminado ka doon 'tapos okay lang sa 'yo? Willing ka pang sundin ako? Where's your precious ego, Camden?”

Natigilan ang kasama, napakurap nang ilang beses na parang may iniisip bago bumuntong-hininga. “Yes to all. At nakabakasyon din ang ego ko. Mas importante ang survival ko ngayon kaysa sa pride. Mas gusto kong sigiruhin na hindi mo 'ko sisipain palayo kaysa magmarunong.” Alanganing napangiti ito.

Pinagmasdan niya si Camden, hindi sigurado kung ano ang mararamdaman sa sinabi nito. Part of her believed him but another part was still jaded.

Then, she took a deep breath and grabbed his hand. “This way. We’re taking the JR line then, we’ll transfer to the Ginza subway. Sa Asakusa mismo tayo bababa,” nakangiti nang sabi niya at halos hilahin ito papunta sa platform. Mabilis ang pintig ng kanyang pulso at kinakabahan siya, ewan kung bakit.

The train and subway rides took fifteen minutes. Kahit naiinis at gustong pagsabihan si Camden na ibaling nito sa iba ang atensyon ay nagawa niyang ipaalam dito ang plano para sa araw na iyon.

Marami nang tao sa Kaminarimon o Kaminari Gate pa lang, ang nagsisilbing landmark at simbolo ng Asukasa na siya ding main entrance papunta sa Sensoji Temple, ang pinakamatandang templo sa Japan.

Mahinang natawa si Camden nang sabay pa silang maglabas ng camera. Kunot-noong lumayo siya rito para sa mas matinong anggulo, pagkatapos ay nag-record ng maikling video.

Muli ay nahuli niyang pinagmamasdan siya ni Camden at kinakabahan siya kapag ganoon. Pero agad din iyong ipinagwawalang-bahala ni Nikita at ipinapaalala sa sarili na dapat ay hawak niya lagi ang sitwasyon.

“Let’s go.” Inilahad niya ang kamay sa binata, na gusto agad niyang bawiin dahil parang napaka-natural sa kanyang gawin iyon. Should they really hold hands? But Camden held on to it before she pulled away and it was like the warmth that covered her hand spread through her body. Napaiwas tuloy siya ng tingin at ibinaling ang atensyon sa dadaanan nila.

“Nikita.” Tumingin siya sa kasama. “Smile!” he said then, leaned closer as he held up his phone to take their picture.

Hindi siya nakangiti pero mukhang okay lang iyon sa kasamang kontento na sa picture nila.

“Nice. Cute mo dito,” nakangising komento nito bago ibabalik sana ang cellphone sa bulsa ng jacket, pero sinubukan niyang pigilan ang kamay nito.

“Patingin!” *Shit*, ayon na, may *Exhibit A* na ito. May isang picture na niya na paglalaruan online.

Hinuli ni Camden ang kamay niya at inilayo iyon. “Saka na. Ipunin ko muna.”

Nagsalubong ang mga kilay ni Nikita. “Ipunin? Para saan? Para paglaruan at pagtawanan online? That will be our last picture.” Huminga siya nang malalim at hinila ang kamay mula rito. Tinalikuran

niya ang lalaki at mauuna na sanang maglakad, pero hinagip nito ang kanyang braso para muling humarap dito, pagkatapos ay sinapo ng mga palad ang mukha niya.

“What’s going on, Nik? You’re beautiful in that picture, more beautiful up close.” He searched her eyes. “Wala akong planong i-post iyon online, baka magkaroon pa ako ng kaagaw. Medyo seloso at clingy pa naman ako. Kung ipo-post ko man iyon, hindi para pagtawanan ka kundi para mang-inggit at magyabang.” Napalunok ito. “Huwag ka nang magalit, please?” His eyes pleaded.

Sandaling nakatitig lang siya rito bago hinawakan ang magkabilang braso nito para sana bitawan na siya pero kasabay niyon ay napansin niya ang isang grupo ng mga Haponesa na ngiting-ngiti sa kanila at may hawak na camera.

“You married?” sumesenyas na tanong ng isa. “Honeymoon?”

“You two, very sweet. We will post your photo on *Instagram*, okay?”

“We have page. We call it *Tokyo Strangers*. Tourist photos only.”

Nagkatinginan sila ni Camden. Sinusubukan

niyang sabihin dito na ayaw niya, habang tila may ipinapakiusap ito na hindi niya maintindihan. “Nik, please don’t worry. It’s okay,” bulong nito, bago bumitaw sa kanya at humarap sa mga babae. Mukhang nasa college o high school lang ang mga ito.

“May I have a copy of our picture? Please?” Yumuko pa ito.

Nagkatinginan ang tatlo bago natawa. “Oh, no. You don’t have to do that. We’ll give you copy. Bluetooth?”

Sunud-sunod ang tango ni Camden. Nakatingin lang siya rito habang hawak ang cellphone. Nang matapos ang transfer ay ilang segundong nakatitig ito sa screen bago tumingin sa kanya na parang first time nilang nagkita, pagkatapos ay nagpasalamat ito sa tatlo. She thought about asking them not to post the picture but realized that maybe it could also help her find out if Camden was for real.

“It’s okay. Post it. I’ll look for your page and follow you.” Ngumiti pa si Nik.

Nang makaalis ang mga ito ay hinarap niya si Camden na parang natulala muli sa kanya. “Hindi ako galit,” sabi niya at bahagyang ngumiti, bago mauna nang maglakad.

Hindi siya galit, kinakabahan lang. Dahil sa sandaling pagkawala ng kontrol sa sitwasyon, parang may nabago at nakuha na agad sa kanya.